KIDS GOD WORSHIP

www.kidworship.kr

# Si Pedro

- 16th Story-



103Page



104Page



105Page



106Page



107Page



108Page

**N A R** Isang araw si Pedro at si Juan ay papunta sa templo sa oras ng pananalangin. Sa pintuan ng templo nakakita sila ng pilay na lalaki. Siya ay pilay mula ng ipinanganak at hindi pa kailanman nakalakad.

---

**N A R** Araw araw siyang namamalimos sa mga taong pumupunta sa templo. Nang makita niya sina Pedro at Juan na papasok sa templo, humingi siya ng pera.

**Beggar** Parang awa nyo na. Tulungan nyo ako.

---

**N A R** Pero sina Pedro at Juan ay walang pera. Tinitigan siya nina Pedro at Juan. Pagkatapos, sinabi ni Pedro sa kanya,

**Peter** “Tumingin ka sa amin.”

**N A R** Tumingin ang lalaki sa kanila na naghihintay na malimusan.

**Peter** “Wala akong pera. Ngunit may ibibigay ako sa iyo..

**N A R** Inilabas ng pilay na pulubi and kanyang kamay na umaasang makatangap ng anoman sa kanila.

---

**N A R** Sinabi ni Pedro sa kanya...

**Peter** Sa pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret, lumakad ka!”

**N A R** At hinawakan ni Pedro ang kanang kamay nito at pinatayo siya.

---

**N A R** Biglang lumakas ang kanyang mga paa at bukong-bukong. Tumayo siya agad at lumakad-lakad. Pagkatapos, sumama siya kina Pedro at Juan sa templo. Palakad-lakad at patalon-talon siyang nagpupuri sa Dios.

---

**N A R** Nakita ng lahat na lumalakad siya at nagpupuri sa Dios. Napansin nila na siya pala ang taong palaging nakaupo at humihingi ng limos doon sa pintuan ng templo na tinatawag na “Maganda.” Kaya lubos ang kanilang pagkamangha sa nangyari sa kanya.

**Person 1** "Di ba siya and pilay na umuupo dati sa pintuan ng templo upang mamalimos?"

**Person 2** "Tama siya nga! Ano kaya ang nangyari sa kanya."

**N A R** Lahat ng tao ay nagbulungbulungan sa pagkamangha. Sinundan ng pulubi sina Pedro and Juan habang sumisigaw,

**Beggar** "Itong mga taong ito and nagpagaling sa aking mga paa!"

**N A R** Nagpuntahan and mga tao para makita sina Pedro and Juan. Nagsalita si Pedro sa mga tao:



109Page



110Page



111Page

Peter "Mga kababayan, hindi kami and nagpagaling sa taong pilay na ito. Tao lang din kami na kagaya ninyo. Si Hesus, na anak ng Diyos and nagpagaling sa lalaking ito!"

NAR Sinabihan ni Pedro and lahat ng tao na magsisi at maniwala sa Diyos.

.......................................................................................................

NAR Hindi nagustuhan ng mga pari at pinuno, mga matatanda at tagapaturo ng Kautusan ang pangangaral ng mga alagad ni Jesus sa mga tao. Nabahala silang mabuti dahil tinuturuan ng mga alagad ni Jesus ang mga tao at si-nasabing si Jesus ay nabuhay muli. Dinakip nila si Pedro at Juan and inilagay sa kulungan.

NAR Kinabukasan dinala sina Pedro at Juan sa harapan ng mga pinuno. Pinag-tatanong sila ng mga pari at pinuno, mga matatanda at tagapaturo ng Kau-tusan.

Pharisee "Sa anong kapangyarihan o sa kaninong pangalan ninyo ginagawa ang bagay na ito?"

Peter Si Jesus ang ipinapangaral namin. Si Jesus na nagpagaling sa taong ito.

NAR Matapang na nagsalita si Pedro.

Pharisee "Hinding ka na magsasalita tungkol kay Hesus kahit kailan man. Kapag hindi ninyo kami sinunod ay mapapahamak kayo!"

NAR Binantaan sila ng mga pari at pinuno, mga matatanda at tagapagturo ng Kautusan.

Peter "Pero kami ay sumusunod lamang sa salita ng Diyos."

.......................................................................................................

NAR Kahit si Pedro ay hindi nakapag-aral, sa talino na galing sa Diyos siya ay nakapangaral ng mahusay at malumanay sa lahat ng mga tao. Namangha ang mga pari at pinuno, mga matatanda at tagapaturo ng Kautusan. Wala na silang ibang masabi tungkol kina Pedro at Juan.

.......................................................................................................

NAR Lahat ng taong nakakita sa paggaling ng pulubing pilay ay nagpuri sa Diyos dahil sa nangyari. Pagkatapos pinangaral ni Pedro ang salita ni Jesus saan man siya magpunta.